# ANG PAKIKIBAKA NI JUAN DELA CRUZ SA PANAHON NG PANDEMIYA

*by:*
**Romela M. Navarro**
*Teacher III, Dinalupihan Elementary School*

Ang mahigit na isang taon na nasa kumukulong tubig ang buong mundo ay nagpapalitaw ng mga natatanging katangian ng bawat indibiduwal. Masaklap ang kapalarang inihatid ng pandemiyang kinakaharap ng buong mundo lalo na sa mga taong nasa laylayan ng lipunan . Kung ang dating paghihirap ay nararanasan ay mas lalo pang tumindi sa panahong ito. Ang taggutom ay lumaganap . At ngayon ay nasa punto na ng kawalan at litong pag-iisip ang karamihan.

Bagamat nasa tagpo ng kaguluhan ,pagdarahop at pag -aalinlangan mas maraming Pinoy ang pinili ang kumapit sa patuloy na pagbangon at pag-asa. Hindi tumitigil ang mga haligi at ilaw ng tahanan para sa kapakanan ng kanilang mga anak. Patuloy na sumasagwan para mapakain ang mga inakay na umaasa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Patuloy ang edukasyon sa gitna ng pandemiya . Ang Ama , Ina o iba pang miyembro ng pamilya ang nagsisilbing guro ngayon ng mga bata sa loob ng tahanan. Sa tulong ng mga guro at pamunuan ng paaralan pinagsanib ang puwersa upang ang mga bata ay patuloy na kumapit na sa gitna ng unos ay may naghihintay pa rin na maliwanag na bukas.

Ang katangi-tanging pag-uugali ng mga Filipino na pagiging masayahin ay pinakinabangan lalo na sa panahong ito. Sa kabila ng matinding alalahanin ay nakangingiti pa rin. Positibo pa rin ang pag-iisip kahit na ang takot ay lumaganap sa paligid.

Kumikilos ang bawat isa upang abutin ang kamay ng mga nagdarahop. Para-paraan upang makapag-abot ng tulong sa kapwa. Ang mga nawalan ng hanap-buhay at pagkakakitaan ay patuloy na umaasa na makahahanap ng maihahain sa hapag-kainan.

Maka-Diyos si Juan dela Cruz . Ang pananalangin at paghingi ng awa sa Poong Maykapal ang higit na pinaiiral sa panahong ito . Dito kumukuha ng lakas ang bawat isa. Ang pananampalataya na nariyan ang Dakilang Lumikha at hindi nagpapabaya ay nagdudulot ng ibayong katatagan ng loob upang harapin ang kakaibang pagsubok na ito sa sanlibutan.

Bumangon ka Juan at patuloy na kumapit sa liwanag ng pag-asa. Ang Pag-ibig ng Dakilang Lumikha na itinanim ng iyong mga ninuno saiyong puso ay patuloy na pagyabungin at siyang maghahatid sa bawat isa sa paglagpas sa anumang uri ng pagsubok at hamon ng buhay.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

-region3.deped.gov.ph

-Katatagan sa likod ng pandemiya ( Antonio S.Niegos Jr.)